Pangalan: ____________________________________

Pangkat: _____________________________________

Edukasyong sa Pagpapakatao Worksheet #3

Quarter 3

**A. Panuto: Basahin ang mga maikling kuwento. Sagutan mga tanong at piliin ang letra ng tamang sagot. I-type ang letra ng tamang sagot sa patlang.**

**Si Maria**

ni: Mikee Geronimo

Si Maria ay isang batang hindi masinop. Iniiwanan niyang pakalat-kalat ang kanyang mga gamit at laruan. Wala siyang inatupag kundi ang paglalaro. Pagkauwi niya galing sa paaralan, papasok na sana si Maria sa kanyang kwarto nang maapakan niya ang laruan na nakakalat dito na siyang ikinadulas niya. Naiyak siya dahil sa sakit. Tinulungan siya ng kanyang kapatid at ginamot ang kanyang sugat.

Nang dahil sa nangyari, naisip niya ang kanyang pagkakamali. Mula noon ay ipinangako niya sa kanyang sarili na magiging malinis at masinop na siya sa kanyang mga gamit at paligid upang maiwasan ang mga nangyari sa kanya at dahil ito ang tama.

______1. Ano ang pangalan ng tauhan sa kwento?

A. Mae at kanyang kapatid

B. Marie at kanyang kapatid

C. Maria at kanyang kapatid

______2. Paano mo ilalarawan si Maria?

A. batang hindi masinop

B. batang masipag

C. batang mabait

______3. Bakit nadulas si Maria pagpasok sa kanyang kwarto?

A. dahil malinis ang bahay

B. dahil nakakalat ang mga gamit at laruan sa sahig


C. dahil basa ang sahig

LIVEWORKSHEETS


______4. Dapat bang tularan si Maria?
A. Oo B. Hindi C. Siguro

______5. Ano ang aral na natutuhan mo sa kwento?
A. maging masipag
B. maging mabait
C. maging masinop


**B. Panuto: Piliin ang bituin kung nagpapahayag ng pagiging masinop ang bata at tatsulok naman kung hindi.**




6. Pinapatay ni Mel ang mga ilaw kung hindi nila ito ginagamit.




7. Mahilig magtira ng pagkain si Joel at hinahayaan lang niya ito sa kanilang mesa.



8. Mahilig magpinta si Zoey. Ang mga gamit niya sa pagpipinta ay madalas niyang iniiwan sa sala.



9. Gumagamit ng baso si Helen kapag siya ay nagsisipilyo upang hindi masayang ang pagtulo ng tubig sa gripo.



10. Gumawa ng recycled na alkansiya si Mark. Inilalagay niya rito ang mga sobrang barya mula sa kanyang baon.

LIVEWORKSHEETS